

[FORM] DEKLARASYON SA ILALIM NG PARUSA SA PAGBIBIGAY NG HINDI TOTOONG PAHAYAG PARA SA PANSAMANTALANG PAGPAPAHINTO SA MGA PAGPAPAALIS NG TIRAHAN UPANG MAPIGILAN ANG HIGIT PANG PAGKALAT NG COVID-19 NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

Ang deklarasyong ito ay para sa mga nangungupahan, lessee (umuupa nang ayon sa lease), o residente ng mga residensyal na ari-arian na sakop ng utos ng CDC na pansamantalang pagpapahinto ng mga pagpapaalis ng tirahan (hindi kabilang ang mga foreclosure sa mga mortgage ng tirahan) upang mapigilan ang higit na pagkalat ng COVID-19. Sa ilalim ng utos ng CDC ay dapat kang magbigay ng kopya ng deklarasyong ito sa iyong landlord (kasero), may-ari ng residensyal na ari-arian kung saan ka naninirahan, o iba pang taong may karapatang paalisin ka o ipatanggal ka sa iyong tinitirhan. Ang bawat adultong nakalista sa lease, kasunduan sa upa, o kontrata sa pabahay ay dapat kumpletuhin ang deklarasyong ito. Maliban kung mapalawig, mabago, o mawakasan ang utos ng CDC, pinipigilan ng utos na mapaalis o matanggal ka sa iyong tinitirhan hanggang Disyembre 31, 2020. Inaatasan ka pa ring magbayad ng upa at sundin ang lahat ng iba pang tuntunin sa iyong lease at ang mga itinakdang patakaran kung saan ka naninirahan. Maaari ka pa ring mapaalis para sa mga dahilang bukod sa hindi pagbabayad ng upa o pagbabayad sa pabahay. Ang deklarasyon ay isang sinumpaang patotoo, na nangangahulugang maaari kang usigin sa hukuman, makulong, o pagbayarin ng multa kung magsisinungaling ka, manlilinlang, o aalisin ang mahalagang impormasyon.

Pinatutunayan ko na sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag na alinsunod sa 28 U.S.C. § 1746, na ang nasa itaas ay totoo at tama.

- Lubos akong nagsumikap na kunin ang lahat ng makukuhang tulong ng gobyerno para sa upa o pabahay;¹
- Inaasahan kong kumita ng mahigit sa \$99,000 na taunang kita para sa Taong 2020 (o hindi hihigit sa \$198,000 kung maghahain ng pinagsamang ulat ng buwis), na hindi ako inatasang mag-ulat ng anumang kita sa 2019 ng U.S. Internal Revenue Service (Mga Serbisyo ng Rentas Internas ng Estados Unidos), o nakatanggap ako ng Economic Impact Payment (ayudang tseke) alinsunod sa Seksyon 2201 ng CARES Act.
- Hindi ko mababayaran nang buo ang upa o hindi ko mababayaran nang buo ang pabahay dahil sa malaking pagkawala ng kita ng sambahayan, pagkawala ng mga nababayaranang oras ng trabaho o mga sahod, mga pagkatanggal sa trabaho o mga hindi pangkaraniwang²

¹ Ang “makukuhang tulong ng gobyerno” ay nangangahulugang anumang mga benepisyong mula sa gobyerno para sa pagbabayad sa upa o pabahay na makukuha ng indibidwal o sinumang miyembro ng sambahayan.

² Ang isang “hindi pangkaraniwang” gastusing medikal ay ang anumang hindi mababawing medikal na gastusin na malamang na lumampas ng 7.5% ng inayos na kabuuang kita ng isang tao para sa taon.

Ang pag-uulat ng panahon at pagsusumikap ng publiko sa pagkolekta ng impormasyong ito ay karaniwang nasa tinatayang 5 minuto kada pagsagot, kabilang ang oras sa pagrerepaso ng mga tagubilin, paghahanap ng mga umiiral na mapagkukunan ng data, paglikom at pagpapanatili ng kinakailangang data, at pagkumpleto at pagrerepaso sa pagkolekta ng impormasyon. Ang isang ahensya ay hindi maaaring magsagawa o mag-sponsor ng, at ang isang tao ay hindi inaatasang tumugon sa, pagkolekta ng impormasyon maliban kung ito ay nagpapakita ng kasalukuyang balidong numero ng kontrol ng OMB. Ipadala ang mga komento tungkol sa tantiya ng panahon at pagsusumikap o anumang iba pang aspeto ng pagkolekta ng impormasyong ito, kabilang ang mga mungkahi sa pagbawas ng panahon at pagsusumikap na ito sa CDC/ATSDR Reports Clearance Officer; 1600 Clifton Road NE, MS D- 74, Atlanta, Georgia 30333; Attn: OMB-PRA (0920-1303)

gastusing medikal na mula sa sariling bulsa;

- Lubos akong nagsusumikap na magbayad sa tamang oras ng bahaging malapit sa buong kabayaran na pinahihintulutan ng pang-indibidwal na kalagayan, habang isinasaalang-alang ang iba pang mga kinakailangang gastusin.
- Kung mapapaalis, ako ay malamang na mawawalan ng tirahan, mangangailangang lumipat sa isang shelter (masisilungan) para sa walang tirahan, o mangailangang lumipat sa isang bagong tirahan kasama ang ibang taong naninirahan nang magkakalapit sa isa't isa³
- Nauunawaan kong dapat pa rin akong magbayad ng upa ao bayaran ang pabahay, at sumunod sa iba pang mga obligasyon na maaaring mayroon ako sa aking pangungupahan, kasunduan sa lease, o kahalintulad na kontrata. Higit ko pang nauunawaan na ang mga singilin, multa, o interes sa hindi pagbabayad ng upa o pagbabayad sa pabahay sa oras gaya ng iniaatas sa aking pangungupahan, kasunduan sa lease, o kahalintulad na kontrata ay maaari pa ring singilin o kolektahin.
- Higit ko pang nauunawaan na sa katapusan ng pansamantalang pagpapahinto sa mga pagpapaalis ng tirahan na ito sa Disyembre 31, 2020, ang aking tagapagkaloob ng pabahay ay maaari mag-atas ng kabayaran nang buo ang mga hindi nabayaran bago at sa panahon ng pansamantalang pagpapahinto at sa hindi pagbabayad ay maaaring mapaalis ako ng tirahan alinsunod sa mga batas ng estado at lokal na batas.

Nauunawaan ko na ang anumang mali o mapanlinlang na pahayag o pag-alis ng impormasyon ay maaaring magresulta sa mga kriminal o sibil na aksyon para sa mga multa, parusa, kompensasyon sa pinsala, o pagkakakulong.

Pirma ng Nagdeklara

Petsa

³ Ang “makukuhang tirahan” ay nangangahulugang anumang makukuha, hindi inookupahang residensyal na ari-arian, o iba pang espasyong ookupahan sa anumang pana-panahon o pansamantalang pabahay, na hindi labag sa mga pederal, pang-estado, o lokal na pamantayan sa pag-okupa at hindi magreresulta sa pangkalahatang pagtaas ng gastos sa pabahay para sa iyo.

Ang pag-uulat ng panahon at pagsusumikap ng publiko sa pagkolekta ng impormasyong ito ay karaniwang nasa tinatayang 5 minuto kada pagsagot, kabilang ang oras sa pagrerepaso ng mga tagubilin, paghahanap ng mga umiiral na mapagkukunan ng data, paglikom at pagpapatili ng kinakailangang data, at pagkumpleto at pagrerepaso sa pagkolekta ng impormasyon. Ang isang ahensya ay hindi maaaring magsagawa o mag-sponsor ng, at ang isang tao ay hindi inaatasang tumugon sa, pagkolekta ng impormasyon maliban kung ito ay nagpapakita ng kasalukuyang balidong numero ng kontrol ng OMB. Ipadala ang mga komento tungkol sa tantiya ng panahon at pagsusumikap o anumang iba pang aspeto ng pagkolekta ng impormasyong ito, kabilang ang mga mungkahi sa pagbawas ng panahon at pagsusumikap na ito sa CDC/ATSDR Reports Clearance Officer; 1600 Clifton Road NE, MS D- 74, Atlanta, Georgia 30333; Attn: OMB-PRA (0920-1303)